ANG KUSOG SAN REBOLUSYON

Ispesyal na Isyu II
Taon IX. Isyu Blg. 3

PAHAYAGAN SAN REBOLUSYONG MASBATENYO - REHIYONG BIKOL

# Panghawakan ang armadong paglaban sa harap ng nagpapatuloy na paghaharing militar sa Masbate! Magpunyagi sa pakikibaka sa harap ng masalimuot na digma!

*Ispesyal na isyu tungkol sa militarisasyon*

Patuloy na pinupuntirya ang Masbate ng pinatinding gera kontra mamamayan ng reaksyunaryong estado. Ilinulunsad ng kaaway sa prubinsya ang kampanya ng pagwasak sa makabuluhang mga tagumpay na nakamit ng mamamayan sa ilang dekadang pagsusulong ng digmang bayan. Desperado silang isuko ng masa ang pakikibaka para sa kanilang lupa, karapatan at kabuhayan upang bigyang-daan ang walang hadlang na pag-ubos ng malalaking dayuhan at lokal na kapitalista sa yamang lupa at likas ng prubinsya.




Sa pangunguna ng AFP-PNP-CAFGU at ng Masbate Task Force to End Local Communist Armed Conflict, pinaiiral ang batas militar sa prubinsya. Sistematikong ipinalaganap sa Masbate ang armadong pang-aatake ng militar laban sa sibilyang populasyon bilang pinakadesperadong taktika ng kanilang gera. Walang tigil at ginagawang normal ang mga pagpatay, abusong militar, pagyurak sa karapatan at paninira sa kabuhayan ng masang sibilyan upang lunurin sila sa takot, buwagin ang kanilang pagkakaisa at tuluyang mapadapa ang kanilang rebolusyonaryong lakas.

Hindi maikakaila ang epekto ng opensibang militar sa Masbate. Marami ang nabigla sa walang kaparis na militarisasyon. Nasubok ang katatagan ng mga naipagtagumpay na pagsulong ng digmang bayan, laluna sa rebolusyong agraryo at pagpapalawak ng baseng masa. Niyanig ang mga nakatayong rebolusyonaryong organisasyong masa at sangay ng Partido. Humupa ang sigla ng mga pakikibaka at kampanyang masa. May mga eryang dapat bawiin at muling patatagin. Hindi maisasantabi ang ilang mga nalunod sa takot, "nagpalamig", napagod, nagbakwit, napresyur at "sumurender" labag man sa kanilang kalooban. May ilan ding halos matangay ng talunang pananaw.

Ang karanasan ng mamamayang Masbatenyo sa walang kaparis na atakeng militar ay pagpapaalala sa pangangailangang patatagin ang pagyakap ng masa at Hukbo sa kanilang rebolusyonaryong digma sa harap ng mas lumulupit na gerang mapang-api at mapagsamantala ng kaaway. Sa harap ng desperasyon ng kaaway na ilayo sila sa landas ng rebolusyon, lalong nararapat na panghawakan ng masa ang armadong rebolusyonaryong paglaban bilang pinakamatibay nilang depensa at armas para sa pagbangon, pagsulong at pagkamit ng tunay na hustisya.

Dapat na maunawaan ng masa at ng buong rebolusyonaryong pwersa na bagamat nagtamo ng sugat, hindi nangangahulugang nalupig na ang makatarungang digma ng bayan. Sa halip, patunay ang mas matinding atakeng militar na natatakot ang kaaway sa naabot at posible pang maabot na lakas ng nagrerebolusyong mamamayang Masbatenyo. Natatakot sila sa posibilidad ng pagkamulat at pagkilos ng mas maraming mamamayang sadlak sa walang katapusang krisis ng bulok na sistema. Natatakot sila sa katiyakang magtatagumpay ang rebolusyonaryong digma.

Batid ang kanilang lakas, dapat pagtibayin ang kapasyahan at komitment ng masa at Hukbo na lumaban at makibaka. Imulat sila sa masalimuot, marahas at matagalang katangian ng digmang bayan para sa tunay na panlipunang pagbabago. Ipaintindi sa kanila na ang mga nakamit na tagumpay ay panimula pa lamang at maaari pang mawala kung magiging kampante at bibitiw sa pakikibaka. Hinihikayat ang mga yunit ng Hukbo at komite ng Partido na ikampanya ang pag-aaral ng "Espesyal na Pag-aaral sa Armadong Pakikibaka" upang mas mapalalim ang kaalaman ng Hukbo at masa sa syensya, mga batas at reyalidad ng matagalang digma.

ANG KUSOG SAN REBOLUSYON

Taon IX | Isyu Blng 3 | Ispesyal na Isyu II | 2022

Ang ***Ang Kusog*** ay ilinalabas sa pinagsamang lengwaheng Tagalog, Masbateño at Cebuano. Maaari itong i-download sa : **www.philippinerevolution.nu**

Tumatanggap ang Ang Kusog ng mga kontribusyon sa anyo ng artikulo at balita. Ineengganyo rin ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan. Maaabot kami sa pamamagitan ng pagbigay sa mga kasamang kumikilos sa inyong mga lugar saanmang bahagi rito sa ating prubinsya.

**NILALAMAN**

Editoryal: *Panghawakan ang armadong paglaban sa harap ng nagpapatuloy na paghaharing militar sa Masbate! Magpunyagi sa pakikibaka sa harap ng masalimuot na digma!* 1

Ang RCSP 4

Malawakang pagpatay 5

Kampanyang pagpapasurender 9

Krisis sa kanayunan dulot ng militarisasyon 12

Malaganap na Saywar at Panlilinlang 14

Linya ng Pagkakaiba 17

Napakahalagang panghawakan ng mga Masbatenyo ang rebolusyon bilang kanilang kilusang masa. Kailangang patambulin ang dakilang layunin at kabuluhan ng demokratikong rebolusyong bayan sa pamamagitan ng pagpapaalala sa mga kongkretong tagumpay na kanilang nakamit sa paglaban. Gamitin ang araw-araw na danas at pagdurusa ng masa upang mulatin sila sa pangangailangang ibagsak ang imperyalismo, pyudalismo at burukrata kapitalismo at ang inanak nitong sistemang malakolonyal at malapyudal bilang saligang ugat ng paghihirap ng sambayanan.

Napakakritikal ng panahon upang pasiglahin ang rebolusyonaryong pagkilos ng masa at Hukbo sa diwa ng buhay-at-kamatayang pakikibaka, pagmamahal sa bayan at makauring pagkakaisa upang matibay nilang panghawakan ang sakripisyo at hirap na kaakibat ng matagalang digmang bayan.

“

**Pinakakongkretong pagkakaisa ng Hukbo at masa ay ang paglahok at mas malalim na suporta ng masa sa armadong paglaban upang tuluyang mabigo ang opensibang militar ng AFP-PNP-CAFGU sa Masbate.**

Sa kabilang banda dapat na maunawaang walang katapusang paghihirap at pagdurusa ang magiging kapalit ng takot, pananahimik, pagkakanya-kanya, pagsuko at pagtigil sa pakikibaka. Sa prubinsya, katumbas ng nagpapatuloy na militarisasyon ang lalong pagtindi ng krisis sa kanayunan sa pagsadsad ng presyo ng produkto at kawalan ng lupang hatid ng panunumbalik ng malalaking rantso at mga mapaminsalang pakanang neoliberal. Ipatanaw sa kanila ang madilim na kinabukasang naghihintay sa susunod na henerasyon kapag nagapi ang digma.

Susi ang pinahigpit na pagkakaisa ng Bagong Hukbong Bayan at masa upang mapanday ang kanilang diwang palaban at rebolusyonaryo. Kritikal dito ang pangangailangang palawakin pa ang pagsusulong ng rebolusyong agraryo laban sa tumitindi pang pyudal at malapyudal na pagsasamantala sa prubinsya. Mapagpasyang tiyakin ang pagsusulong ng mga pakikibakang anti-pyudal sa kampanya ng Hukbo na magpatatag at magpalawak ng mga larangang gerilya.

Halawan ng aral ang nagdaang atake ng kaaway upang mapaunlad ang mga istilo at pamamaraan sa pagmumulat, pag-oorganisa at pagpapakilos sa masa. Bigyang diin ang pagplano at pagsasakatuparan ng pampulitikang konsolidasyon sa Hukbo at masa sa pamamagitan ng tuluy-tuloy at malaganap na gawaing edukasyon at propaganda.

Pinakakongkretong pagkakaisa ng Hukbo at masa ay ang paglahok at mas malalim na suporta ng masa sa armadong paglaban upang tuluyang mabigo ang opensibang militar ng AFP-PNP-CAFGU sa Masbate. Makikita ito sa mas aktibong partisipasyon ng masa sa mga ilinulunsad na taktikal na opensiba ng Hukbo. Makikita ito sa inisyatiba ng mga yunit milisya na maglunsad ng sariling mga atake laban sa kaaway. Makikita ito sa mas matibay na kilusang lihim ng masa na handa sa anumang ganting salakay ng AFP-PNP-CAFGU. Makikita ito sa mas maraming bilang ng mga nagnanais sumampa sa Hukbo bilang mga pultaym na mandirigma.

Mula mga magsasakang biktima, kanilang mga kaanak, mga aktibistang masa sa nayon at syudad, mga kabataan, kababaihan, mga sibilyang upisyal, propesyunal, kagawad ng midya at lahat ng nagtataguyod ng karapatan at demokrasya, ngayon ang pinakakritikal na panahon para bumangon ang mamamayang Masbatenyo. Maraming paraan para magprotesta laban sa nagpapatuloy na militarisasyon at ilantad ang mga pang-aabuso at paglabag sa karapatang tao. Maraming paraan para magbigkis at

manindigan para sa hustisya. Maraming paraan para magkaisa't maging organisado. Maraming paraan para kumilos at lumaban.

Ang tumitinding atake ng kaaway ay tanda ng lumulubhang krisis ng naghaharing sistemang malakolonyal at malapyudal. Ang mga dinanas na kagipitan, hirap at sakripisyo ay mga reyalidad na kaakibat ng masalimuot na landas tungo sa tiyak na pagsulong. Sa ganitong kalagayan, lalong nagiging paborable ang pagrerebolusyon.

## Militarisasyon sa ilalim ng Retooled Community Support Program

Ang Retooled Community Support Program ang kasalukuyang programa ng militarisasyon sa mga komunidad.


Nagsisilbi ang RCSP bilang kaliwang kamay ng pinatinding gera kontrainsurhensya ng bulok na estadong malakolonyal at malapyudal. Puntirya nito ang mga sibilyan, laluna ang mga magsasaka sang-ayon sa estratehiyang limasin ang tubig para mahuli ang isda.

Sinusuportahan nito ang mga operasyong pokus ng AFP-PNP-CAFGU na nakatuong tapusin ang armadong rebolusyonaryong kilusan sa pamamagitan ng walang tigil na mga operasyong militar na gumagamit ng dumog na pwersa at mga armas para sa maramihang pagwasak.

Kaiba sa mga naunang bersyon ng operasyong militar tulad ng SOT, RSOT at PDT, nadagdagan ang pangil ng RCSP sa pagsasabatas ng pasismo at terorismo ng estado sa pamamagitan ng mga patakarang Memorandum Order No. 32, EO 70 - NTF-ELCAC at Anti-Terror Law. Ginamit ang mga batas na ito para obligahin ang mga sibilyang ahensya na lumahok sa gera kontra NPA at palawakin ang papel ng pulis at iba pang armadong pwersa ng estado sa mga operasyong militar.

Malayo sa kaunlarang hatid umano ng programa, laman ng RCSP ang lantarang armadong atake sa mga sibilyan katimbang ang kampanya ng pagpapasurender sa ilalim ng lokalisadong usapang pangkapayapaan. Saanmang may RCSP, batas militar ang umiiral sa mga komunidad.

Isa ang Masbate sa pinokusan ng RCSP. Sing-aga ng unang bahagi ng 2018, sinimulan na ang paglulunsad ng noo'y community support program sa mga bayan ng Aroroy at Baleno. Sa pagpasok ng 2019, itinayo na sa prubinsya ang Masbate Task Force to End Local Communist Armed Conflict na pinamunuan ng gubernador ng Masbate at siyang naging sibilyang katuwang sa paghahasik ng teroristang karahasan sa prubinsya. Sa pagpasok ng 2020-2021, lumawak at tumodo ang paglalatag ng RCSP na ginamitan ng humigit-kumulang 1,500 pwersa ng AFP at PNP.



Walang kaparis ang lawak at terorismong dinala ng RCSP sa Masbate. Higit pa sa COVID-19. Sinaklaw ng mga operasyon ang halos 70 porsyento ng barangay sa halos lahat ng bayan sa prubinsya. Tinadtad ng ditatsment at kampo militar bawat sulok ng prubinsya. Marami ang ninakawan, pinasurender, binugbog, tinortyur, at pinatay. Nagsilbi ang RCSP sa mas agresibong kampanya ng pag-agaw sa lupa at paglawak ng mapaminsalang mga proyektong neoliberal sa prubinsya.

Nagpapatuloy ang paghaharing militar sa prubinsya. Patuloy na magpupursige ang rebolusyonaryong kilusan na pamunuan ang masang Masbatenyo sa paglulunsad ng digmang bayan upang biguin ang opensibang militar sa prubinsya at ibayong iabante ang mga naabot na tagumpay ng paglaban tungo sa tunay na panlipunang pagbabago.

## Malawakang pagpatay sa mga Masbatenyo

"*Nagapatuna ko sa kabaw sa dinhang madungog nako ang kagubot sa amoang balay. Dili nagdugay, kusog og way put-as nga mga pagbuto sa pusil ang akong nadunggan. Kusog kaayo kong midagan pabalik og nabagtan nako ang akong mga anak nga nagadagan palayo. Patay na si Papa, sumbong sa akong usa nga bata.*"

"*Sa pagsaysay sa akong kamagwangangang anak, giharang sa ilahang amahan ang iyahang lawas aron mailikay ang amoang mga anak sa pagkaigo sa bala. Kung dili nakatakas ang amoang mga anak, siguro masaker ang nahitabo.*"

Ito ang salaysay ni Bengbeng (hindi tunay na pangalan), asawa ng isa sa mga biktima ng ekstrahudisyal na pagpaslang (extrajudicial killings o EJK) sa Masbate ngayong taong 2022. Matapos ang pangyayari, pinagbantaan siya ng militar na papatayin kung magsampa ng kaso.




Ang malawakang pagpatay sa mga sibilyan ang pinakamabangis at pinakadesperadong anyo ng pampulitikang panunupil. Tuluyang itinatakwil ng napakaruming taktikang ito ang pagkilala at pagsunod ng estado sa makataong batas ng digma. Bahagi ito ng taktikang teror at panggulat ng kaaway sa layuning pairalin ang takot sa masa, pahinain ang kanilang kapasyahang lumaban at ilayo sila sa rebolusyonaryong kilusan.

Isa ang Masbate sa may pinakamaraming kaso ng pampulitikang pamamaslang at masaker sa buong rehiyong Bikol at maging sa buong bansa. Masahol, walang tigil at nagbabantang mas tumindi pa ang mga pagpatay sa ilalim ng rehimeng Marcos Junior. Higit tatlong buwan pa lamang sa kanyang termino, umaabot na sa labing-dalawa (12) ang bilang ng mga naitatalang biktima ng ekstrahudisyal na pamamaslang sa prubinsya.

### Laganap, sustenido at sistematiko

Kaiba sa golpe-de-gulat at sabayang istilo na naunang ipinatupad sa Negros sa ilalim ng Oplan Sauron, paunti-unti at lihim subalit malawak at tuluy-tuloy ang katangian ng

mga pagpaslang sa Masbate. Mula huling kwarto ng 2015, halos buwan-buwan ay may pinapatay ang AFP-PNP-CAFGU. Labimpito sa kabuuhang 21 bayan ng prubinsya ang nakapagtala ng mga EJK.

Lumaganap ang walang tigil na mga pagpatay nang ilatag sa Kabikulan ang mga pasistang patakaran na Memorandum Order No. 32 at NTF-ELCAC at ng maisabatas ang Anti-Terror Law. Binuhusan ang Masbate ng humigit-kumulang limang batalyong pwersa ng AFP-PNP-CAFGU at pormal na itinayo ang Masbate Provincial Task Force to End Local Communist Armed Conflict para sa masaklaw na kampanya ng pasistang teror.

Bilang paghahanda sa todong mga pagpaslang, malawakang ilinunsad ng AFP-PNP-CAFGU sa prubinsya ang militarisasyon at buo-buong pagpapasurender sa mga baryo sa ilalim ng Retooled Community Support Program. Ginamit ng AFP ang mga nakalap na datos mula sa mga operasyong militar tulad ng listahan ng mga nagsurender sa baryo at mga pinaghihinalaang kasapi ng organisasyong masa bilang batayan kung sino ang mga target na patayin.

Karaniwang isinasagawa ang mga pagpatay sa alanganing mga oras at lingid sa atensyon ng publiko. Dinudumog at sinasalakay ng malaki at magkakumbinang pwersa ng AFP-PNP-CAFGU ang target upang likhain ang ilusyong bigtime at most wanted ang biktima.

**Walang kaparis na brutalidad**

Para ikundisyon ang masa sa sukdulang takot, karamihan sa mga pagpatay ay isinagawa sa mga pinakahayop na paraan. Marami ang tinortyur bago patayin. May ilang pinutulan ng dila at ulo. Ang iba'y pinatay sa tadtad ng bala o gamit ang patalim.

Wala na ring pinipili ang kasalukuyang mga pagpatay. Bata, matanda, kababaihan o may kapansanan, lahat ay nabiktima. Sa katunayan, karaniwan ang mga kaso ng napagdiskitahan laluna sa mga ganting operasyon ng kaaway. Kalimitan ding idinadamay ang pamilya ng target laluna sa mga operasyong salakay.

Pinakamasahol na kaso ng mga pagpatay ay mga masaker o maramihang pagpatay. Sa prubinsya, naging malimit ang paisa-isang pagdukot sa mga biktima mula sa magkakaibang baryo bago tipunin para imasaker.

**NPA kaya pinatay: lantarang armadong pag-atake ng militar at pulis laban sa sibilyan**

Masahol, ang mga pagpatay ay lantarang isinasagawa ng militar at pulis bitbit ang pangalan ng kanilang mga institusyon sa tabing ng mga lehitimo at ligal na operasyon.

Katimbang ng AFP-PNP-CAFGU ang NTF-ELCAC at Anti-Terror Law bilang mga makinarya para sistematikong gamitin ang



## MASBATE KILLING FIELDS

**93** biktima ng pampulitikang pagpaslang at masaker mula 2016 (halos lahat magsasaka)

**BILANG NG PAGPATAY KADA BAYAN**

| | | | |
|---|---|---|---|
| Monreal | 13 | Mobo | 5 |
| Cawayan | 13 | Masbate City | 5 |
| San Jacinto | 10 | Uson | 5 |
| Mandaon | 8 | Dimasalang | 2 |
| San Fernando | 7 | Claveria | 2 |
| Aroroy | 7 | Batuan | 2 |
| Placer | 7 | Baleno | 2 |
| Milagros | 6 | Esperanza | 1 |
| Palanas | 1 | | |

**PAGPATAY SA IBA PANG SEKTOR**

| | | | |
|---|---|---|---|
| Barangay Official | 14 | Menor de edad | 3 |
| Kababaihan | 7 | Negosyante | 3 |
| Midya | 2 | | |

Redtagging, teroristang pambibintang at iba pang panlilinlang upang ikundisyon ang publiko na ligal at katanggap-tanggap ang mga pagpatay. Binubura ang pinagkaiba ng sibilyan sa armado at lahat ay itinuturing na mga teroristang hindi saklaw ng makataong mga batas ng digma.

Pinakatampok na istilo ng lantarang armadong pag-atake ang pakanang Nanlaban, na nagkaroon na ng ibang bersyon tulad ng mga palabas na engkwentro o "NPA-kaya-pinatay" na operasyon. Anumang tipo ng pagpatay sa sibilyan, asasinasyon man o salbeyds, ay pinapalabas na mga labanan sa pagitan ng militar/pulis at NPA. Kabisado na ng publiko ang palabas: mga operatibang may bitbit na mga pekeng search at arrest warrant, papatayin ang biktima, susuotan ng amoputs at mga damit umano ng NPA, tataniman ng baril, granada at iba pang parapernalya at palalabasing NPA na napatay sa engkwentro.

Kaakibat ng kampanyang ito ang pinalawak at mas aktibong papel ng PNP, laluna ang mga pulis munisipyo, sa gera kontra-NPA sa pamamagitan ng mga operasyong kontra-droga at kontra kriminalidad at bilang dagdag pwersa. Kasabwat din ang ilang mga huwes upang bigyang ligal na bihis ang mga opensiba sa anyo ng mga pekeng w*arrant*.

Sinasamantala din ng AFP-PNP-CAFGU ang takot ng masa upang patuloy na makatakas sa kanilang mga krimen. Halimbawa nito ay ang pagbabanta sa buhay ng pamilya ng biktima upang hindi magsampa ng kaso o maghain ng reklamo.

**Makauring batayan ng mga pagpatay**

Sa Masbate, ang laganap na mga pampulitikang pamamaslang ay bahagi ng tumitinding gera kontra magsasaka na ilinulunsad ng lokal na mga naghaharing uri sa prubinsya sa basbas ni Bongbong Marcos. Gamit ang militarisasyon, naipagpapatuloy ng malalaking pamilya ng panginoong maylupang mga rantsero ang kultura ng karahasang naging tatak ng pagsasamantalang pyudal sa prubinsya.

## Masaker sa Masbate | 8 kaso

| | | |
|---|---|---|
| Enero 30, 2016 | Brgy. Bartolabac, San Jacinto | Jay Almoradie Cristobal, Brgy. Kgwd. Robert Almodiel, Brgy. Capt. Rey Encabo |
| Abril 15, 2017 | So. Laray, Brgy. San Carlos, Milagros | Rodolfo "Teteng" Tagalog, Jerry "Teteng" Cuyos, Josel Rosales |
| Abril 20, 2017 | *Masaker sa mag-lola:* Brgy. Panan-awan, Cawayan | Lolita Pepito (senior citizen), Reden at Richlyn Luna (parehong menor de edad) |
| Hunyo 8, 2018 | *Masaker sa kabataan*: Brgy. Nabongsoran, Aroroy | Ariel R. Madrilejos, John Paul A. Cristobal, Dijie R. Cabarles, Jeo V. Cabarles. Ricky P. Alejo |
| Hunyo 17, 2020 | (boundary) Brgy Bagacay/Brgy Marintoc, Mobo | Edgar Minggoy (Brgy. Tanod), Brgy. Kgwd. Rolly Delacruz, Marlon Bajar (Brgy. Tanod) |
| Hulyo 5, 2020 | *Masaker sa brgy. officials:* Brgy Guinhan-ayan, Placer | Rogen Languido (Brgy. Tanod), Dannyboy "Bilok" Pepito, Jessieboy Pepito |
| | Brgy. Alas, Mandaon | Brgy. Kgwd. Joey Asne, Brgy. Kgwd. Judy Barruga, Jeffrey Regala |
| Hunyo 7, 2021 | So. Porang, Brgy. Anas, Masbate City, | Ailyn "Ekit" Bulalacao, Ramon "Boy" Valenzuela Brioso, Antonio "Tony" Polegrates |
| Oktubre 24, 2021 | *Mandaon 5:* Brgy. Bugtong, Mandaon | Roger Delaroso, Ruel Delaroso, Panoy Bibing, Lindo Montecalbo at isang hindi pa nakikilalang biktima |

Tampok na halimbawa sa kasalukuyan ay ang mga pagpatay na bahagi ng mas agresibong kampanya ng mga malalaking rantsero sa prubinsya na agawin ang mga lupaing nabawi ng kilusang magsasaka. Sa katunayan, karamihan sa mga naitalang pamamaslang nang magsimula ang rehimeng Marcos Junior ay mga magsasakang naninirahan sa loob at palibot ng mga pastuhan.

Nandyan din ang mga pagpaslang laban sa mga komunidad na planong kamkamin para sa malalaking neoliberal na proyekto sa prubinsya. Matingkad na kaso ay ang pagpatay sa lider-masang si Ruben Corot at tangkang pagpatay sa kanyang pamilya na tumututol sa proyektong ekoturismo ng Empark.

Tinarget din ng mga pagpatay ang ilan pang sektor upang panipisin ang kilusang masa. Kapansin-pansin ang dumaraming kaso ng pagpatay ng militar sa mga upisyales ng lokal na gubyerno, laluna ang mga barangay officials. May ilan ding mga maliit na negosyante at mamamahayag na biniktima.

**Kailangang lumaban at makidigma**

Tulad ng maraming biktima, wala nang inaasahan pang hustisyang makakamit si Bengbeng sa ilalim ng reaksyunaryong batas. Sa kabila ng malinaw na responsibilidad ng AFP-PNP-CAFGU sa mga pagpatay, hanggang ngayon ay wala pang napapanagot ni isa sa kanilang hanay.

Bagamat takot, galit at maging panunumbat sa kilusan ang unang naramdaman, namulat at ibayong nakilala ni Bengbeng ang rebolusyon bunga ng pagsisikap ng mga kasama na makaugnay sa kanyang pamilya.

*"Sa utrong pagkaabot sa mga kauban sa amoang baryo, grabe ang amoang paglikay tungod sa kahadlok. Sa mga una nilang pagpatawag, dili mi mitambong. Dili namo sila gipabase sa amoang mga panimalay. May pipila sa amoa ng ginabasol sila."*

*Pero nakita namo ang paningkamot sa mga kauban. Wala silay laing gihangyo kundi hatagan sila og higayon nga maipasabot sa amoa ang tumong luyo sa grabeng atake. Gipasabot nila nga ang gera sa kaaway, dili lang nakapokus sa mga NPA kundi sa tanang pumuluyo, sa amoang yuta, panginabuhi ug mga katungod. Gihatagan mi nila og pagtuon kabahin sa kasaysayan sa pakigbisog sa pumuluyong Masbatenyo ug kalinawanan sa gihimong sakyada sa kaaway sa probinsya. Among nasabtan nga paagi ra sa armadong pakigbisog makab-ot ang hustisya.*

*Karun, nakaapil na mi sa organisasyon. Kabahin sa amoang plano ang pag-andam alang sa mga moabot pang mga sakyada og mga kinahanglan himuon kun sakali magkadunay taktikal nga opensiba ang kauban. Dili na ko mahadlok. Alang kang Kaloy ug sa amoang mga anak. Alang sa uban pang mga biktima. Alang sa hustisya,"* paninindigan ni Bengbeng.

"*Karun, nakaapil na mi sa organisasyon. Kabahin sa amoang plano ang pag-andam alang sa mga moabot pang mga sakyada og mga kinahanglan himuon kun sakali magkadunay taktikal nga opensiba ang kauban.* ***Dili na ko mahadlok. Alang kang Kaloy ug sa amoang mga anak. Alang sa uban pang mga biktima. Alang sa hustisya,"*** **paninindigan ni Bengbeng.**

## Kampanyang pagpapasurender sa Masbate

Si Manay Ading, 52 anyos na maybahay at ang kanyang 79 anyos na inang si Nanay Rosing, isang diabetic, ay kabilang sa higit 2,000 ipinamamarali ng AFP at PNP na mga "sumurender" na kasapi at tagasuporta ng NPA sa Masbate. Kwento nila, "*sa tinuod lang, 'dong. Kun dili lang unta nagasagka ang mga army ug pulis og naghimog kampo sa bukid, wa may gubot dire sa amoang lugar. Malinawon ra nga nagpuyo og nanginabuhi ang mga tawo. Dili sama karun nga daghan ang nahitabong pang-abuso nga sila ang nagpasinugda.*

*Ang ilahang gihimo gipugos ang mga tawo sa pagpasurender human ilaha na pud obligahon sa pagngadto sa kampo aron maglagbok, motambong sa ilang pulung-pulong og gihimong mandatory ang pagpa-CAFGU sa mga tawo.*

*Tiaw muna ha, bisan tiguwang, senior citizen na, naglisod na gane paglakaw para lang makatambong sa ilang patawag, gipasurender gihapon. Gipangadto sa barangay hall, gipagunit og pusil ug piniktyuran. Karon, ginapugos pa intawon pag-intra sa CAFGU. Kabuang lagi. Nalooy gyud ko sa tiguwang kay naniguro gyud siya og balibad nga dili na niya kaya pero gibaharan hinuon siya nga ipakulong kung dili mosugot.*

*Miskan ang mga estudyante nga mihangyo nga kung pwedi dili lang sila mongadto sa kampo kung aduna silay klase labi na kung eksam nila. Giingnan lang sa army nga mag-absent lang una. Kay kun dili mongadto sa ilaha, balay-balayon kuno mi pag-adto sa ilang mga kauban nga scout ranger. Tarong ba na og huna-huna ang ingon ana, 'dong?*", galit na paglalahad ni Manay Ading sa mga kasama.

Ito ang larawan ng kampanya ng pagpapasurender, ang pinakalaganap na kaso ng abusong militar sa prubinsya. Hitik sa desperasyon, sinumang sibilyan, mapa-menor de edad, senior citizen at maging may kapansanan, ay pinasusurender.

Layunin ng kampanyang surender na palabasing humihina at patalo na ang rebolusyonaryong kilusan upang pahinain ang kapasyahang kumilos ng masa. Pakana rin ito para likhain ang ilusyong wala nang kahahantungan ang pagsuporta o paglahok sa rebolusyonaryong armadong kilusan. Pinapalitaw ding lipas na ang adhikain ng pambansa-demokratikong rebolusyon upang itulak ang masa  na talikuran ang makatarungang paglaban.

### Pwersahan at desperadong pagpapatupad

Ang maramihang sumurender ay kampanya ng maramihang pananakot, panggigipit at disimpormasyon.

Naging talamak sa prubinsya ang pakyawang pagpapasurender. Karaniwa'y puwersahang hinahakot ng mga militar at pulis ang taumbaryo, pinapipirma ng mga blangkong papel at buong barangay na pinasusumpa. Karamihan sa kanila'y pinagbantaang papatayin kung hindi sasama papuntang detatsment o kaya ay dinukot habang nagpoproduksyon sa bukid. Ang iba'y  isa-isang pinatawag sa barangay hall o kampo o kaya nama'y nalansi ng mga patawag para sa ayuda o general assembly sa baryo. Ang iba'y napilitang "maglinis" ng pangalan dahil binabalik-balikan ng militar.

Para gawing kapani-paniwala, naging modus ang paglitrato sa mga "sumurender" hawak ang isinuko umanong mga armas.



Karaniwan ding ipinapamidya ang mga aktibidad ng maramihang pagsumpa.

Bagamat makailang ulit nang nalantad na hungkag at peke, pilit pa ring isinasagasa ang kampanyang surender sa ilalim ng kampanyang militarisasyon na Retooled Community Support Program.

**Epekto sa kabuhayan ng masa**

Para sa maraming tulad ni Manay Ading, perwisyo sa kabuhayan at banta sa buhay ang pagiging surenderi.

"*Dakong ulang sa amoang panginabuhian ug pagpanginabuhi ang malista sa surenderi, dong. Kay ngaman, imbes nga makasayo mi og ngadto sa amoang uma, mongadto pa mi sa ilaha aron lang masayod sila unsa amoang ginabuhat. Naglisod na gane mi og badyet kay grabe ang pagtaas sa presyo sa mga palaliton unya dugangan pa anang ilahang pagpangadto sa amoa sa ilahang kampo. Kamahal baya sa pamasahe karun, dili man libre ang pagngadto ngare namo.*" galit na pahayag ni Manay Ading.

Mistulang mga preso ang pagtrato sa mga surenderi. Inoobliga silang magreport kada buwan sa detatsment o kampo at mag-logbook. Sinusubaybayan ang kanilang araw-araw na aktibidad at pana-panahong iniinspeksyon sa kanilang mga tahanan.

Pinupuwersa din ang mga surenderi na maging kasangkapan ng militar at pulis upang atakehin ang kapwa nila masa. Inoobliga silang maging espiya sa loob ng baryo. Sila ang unang target sa sapilitang rekrutment sa CAFGU. Ginagamit din ang kanilang mga pangalan bilang mga pekeng benepisyaryo upang itaboy ang mga magsasakang una nang nakapusisyon sa lupa.


Hindi rin garantiya ng kaligtasan ang matatakang surender. Sa katunayan, ang mga nasa listahan ng surenderi ang pinakabulnerable sa abuso at atakeng militar.

"*Nahadlok na gane ko kay naa man koy nabalitaan nga gipatawag nila sa ilang kampo human gipagawas nila nga naghikog mao nga namatay unya pipila na sa mga misurender ang gipangdakop unya gidala sa laing lugar og didto gipangpatay. Human ginapagawas nga NPA kuno nga namatay sa engkwentro.*" pangamba ni Manay Ading.

**Kampanyang surender bilang gatasan ng kurakot**

"*Ginwartahan na, patyunon pa.*" sambit ni Manay Ading

Taliwas sa ipinagmamayabang ng militar at pulis na makakatanggap ng mahigit P 60,000 ang bawat isang surenderi ay walang natanggap maski piso si Manay Ading at lahat ng mga "sumuko". Sa halip,




**Huwad at desperadong kampanyang surender: Ilang matingkad na karanasan**

Sapilitang pagpapasuko sa mahigit 300 na nagkilos protesta sa Masbate City noong Disyembre 2019. Pinalabas ang mga nagprotesta bilang mga sumurender na suportador ng NPA. Nalantad sa publiko ang modus matapos madiskubre ng mga netizens ang palpak at kahiya-hiyang dinoktor na larawan ng mga sibilyan. Nagresulta ito sa pagkakatanggal ng ilang upisyal militar sa kanilang mga katungkulan;

Mahigit 500 na pwersahang pinasuko sa mga bayan ng Dimasalang, Palanas at Mobo. Ang mga pinasurender ay mula sa buo-buong mga barangay na pinilit sumumpa bilang mga NPA. Marami ang pinahawak ng baril at piniktyuran, kabilang ang mga menor de edad at senior citizens. Ayon sa mga natipong ulat, isang 81-anyos na matandang babae ang kunsideradong pinakamatandang pinasurender sa prubinsya;

Sa okasyon ng kaarawan ng isang alkalde, hinikayat ng dating kumander ng 2nd Infantry Batallion - Phil. Army ang naturang alkalde na palabasing surenderi ang kanyang mga bisita. Ikinagalit ito ng alkalde.

nagpapakabundat ang mga upisyal ng militar at pulis sa nakuhang kurakot mula sa milyong pundong nakalaan sa E-CLIP. Hindi pa kabilang dito ang kurakot na kanilang nakukuha mula sa hungkag na programang pambaryo na Barangay Development Program.

**Paglaban ng masa sa pakanang surender**

Dulot ng pagkasuklam sa karahasan at perwisyong hatid ng pakanang surender, lalong humigpit ang suporta ni Manay Ading sa rebolusyonaryong kilusan.

"*Karun dong, ako nang nasabtan ngaman kay gusto gyud sa gobyerno, army ug pulis nga ilayo sa kalihukan ang pumuluyo. Tungod sa ilang tumong nga wad-an og tigpanalipud ang pumuluyo aron sayon na sa ilaha ang pagpangilog sa mga yutang umahan, wad-an og panginabuhian og sayon nalang nilang pamatyon ang pumuluyo. Miskan kanus-a dili na gyud ko mongadto sa ilang kampo aron maglagbok og motambong sa ilahang mga patawag.*

*Mao nga bisan surenderi na ko, mobalik ko paglihok aron makatabang sa kalihukan og mga kauban.*

*Tungod ako nang nasabtan nga armado ka man sa dili, pareho ra nga target sa gera sa gobyerno, army ug pulis aron lumpagon ang panaghiusa sa pumuluyo og kalihukan. Kinahanglan pud nako mapasabot ang akong kaubanan sa organisasyon nga pinaagi lang sa panaghiusa og pagsuporta sa katawhan sa armadong pakigbisog hingpit nga makab-ot ang kalinaw og kauswagan sa atong nasud. Sige dong, di na ko magdugay og salamat sa inyong pagpasabot,*" pagtitiyak ni Manay Ading.▼

# Lokalisadong Usapang Pangkapayapaan

*Kampanya ng pagpapasurender, pasipikasyon at kurapsyon*

**Enhanced Comprehensive Livelihood Program o ECLIP:**
***negosyo sa pagsuko***

Ang ECLIP ang pangunahing programa ng kampanyang pagpapasurender ng reaksyunaryong gubyerno at nasa pangangasiwa ng National Task Force to End Local Communist Armed Conflict (NTF-ELCAC).

Ilan sa ipinagyayabang ng ECLIP ay ang pagbibigay umano ng P65,000 kada susuko at P12,000 hanggang P50,000 para sa bawat isusukong armas, pagtatayo ng mga halfway house at ang pagbubuo ng mga alternatibong grupo at samahan pamalit sa mga rebolusyonaryong organisasyong masa.

Sa aktwal, ibinubulsa lamang ng matataas na upisyal-militar ang pondong nakalaan para sa ECLIP. Sa buong Pilipinas, mayroon na umanong hindi bababa sa 25,000 sumuko at nakakuha ng ECLIP funds mula 2018.

**Barangay Development Program: *kurakot mula sa pekeng kaunlaran***

Ang Barangay Development Program ay programa ng NTF-ELCAC na maglalaan umano ng P20 milyon para sa bawat barangay na wala nang presensya ng rebolusyonaryong kilusan (cleared) at P1.5 milyon para naman sa mga barangay na humihina na ang impluwensya ng CPP-NPA-NDF (influenced).

Tulad ng ECLIP, gatasan ng militar at pulis ang Barangay Development Program. Isa ang Masbate sa mga prubinsyang may pinakamaraming barangay na paglalaanan ng BDP.

## Sa Masbate

**2,000+**

tinatayang bilang ng sapilitan at pekeng pinasurender

**P 130 milyon**

minimum na naibulsa ng militar at pulis sa mga pinasurender

*2,000 surenderi x P65,000 kada isa*

**10%**

minimum na kikbak na nakukuha ng militar at pulis sa mga proyekto sa ilalim ng Brgy. Development Program

## Krisis sa kanayunang pinatindi ng militarisasyon

Isa si Tay Edring sa mga nakasaksi sa ilinunsad na caravan ng Army at ng Masbate Task Force to End Local Communist Armed Conflict para sa isang proyektong kalsadang *farm-to-market* sa ilalim ng Barangay Development Program.  Subalit para sa kanya at sa iba pang magsasaka, ang naturang mga proyekto ay insulto sa mas matinding paghihirap na dinaranas nila dulot ng nagpapatuloy na paghaharing militar sa prubinsya.

"*Paproject kuno na camino. Sa matuod lang, gang, tungod san waran udong na mga operasyon san army amo na grabeng kalisdanan an nabatyagan namong mga pobreng parag-oma yana*," buntung-hininga ni Tay Edring.

Pinalalala ng militarisasyon ang matinding kawalan ng lupa at malaganap na pagsasamantalang pyudal at malapyudal sa Masbate. Bahagi ito ng tumitinding gera kontra magsasaka para bigyang daan ang paglawak ng mapaminsalang malaking rantso, mina at ekoturismo sa prubinsya.

### Pang-aagaw ng lupa

Sa balatkayong pakanang ipaloob ang buong Masbate sa reaksyunaryong repormang agraryo, ipinatupad sa prubinsya ang mas agresibong kampanya ng pang-aagaw sa lupa sa pangunguna ng militar at ng Masbate TF-ELCAC. Nagsisilbi ang kampanyang ito para sa interes ni Bongbong Marcos at mga lokal na panginoong maylupa na mabawi ang mga lupaing inagaw nila mula sa mga magsasaka.

Isa sa kampanya ng militar ay ang pag-agaw muli sa mga ranchong matagumpay na nabawi ng kilusang magsasakang Masbatenyo gamit ang tuwirang pandarahas. Tinarget ng ilang malalaking operasyong militar sa prubinsya ang ilampung libong ektaryang pastuhan kung saan buo-buong komunidad ang kinural ng militar at kinumpiskahan ng ani. Unti-unti ring winasak ang mga samahang magsasaka at kanilang kolektibong produksyon.

Sa isang banda, taktika rin ng kaaway ang ilang malambot na istilo upang isuko ng masa ang lupa tulad ng sapilitang pagbili sa kanilang pusisyon. Nariyan din ang paggamit sa mga surendering tauhan ng kaaway bilang mga pekeng benepisyaryo ng repormang agraryo ng gubyerno upang agawan ng pusisyon ang mga magsasakang orihinal na nagbubungkal.

Layunin ng mga pasistang pakanang ito na palayasin ang mga magsasaka sa kanilang lupang binubungkal tulad ng ginawa sa mga magsasaka ng rantsong Pecson. Ito rin ang dinaranas ng mga komunidad na apektado ng mapaminsalang mga proyektong neoliberal tulad ng Filminera at Empark.

### Pangwawasak sa kabuhayan




Kasabay ng pang-aagaw sa lupa ay ang kampanya upang wasakin ang kabuhayan ng masa.

Matingkad na kaso ay ang pagkukural o pag-hamlet sa buo-buong komunudad. Sa isang papulong na isinagawa ng Hukbo, idinaing ng masa ang pagbabawal sa kanila ng militar na lumabas ng baryo para

magtrabaho sa bukid. Sa Brgy. Miabas, bayan ng Palanas, tinipon ang isang komunidad sa isang lugar at kinulong.

Malawakan din ang mga kaso ng pangraransak at pagnanakaw sa mga produkto at ari-arian ng masa. Aabot sa ilang milyong halaga ng ani, pera at kagamitan sa produksyon ang tinangay ng militar, na karamiha'y pinalabas bilang mga suplay ng NPA. "*Kinuha nila ang aming manok tapos pinalitan lang ng sardinas, mga paalaga kuno sang mga NPA*," reklamo ng isang dumalo sa pulong.

Sinusuportahan din ng militar ang pagsahol ng malapyudal na pagsasamantala sa prubinsya. May basbas ng kaaway ang paglaganap ng komersyanteng pang-uusura tulad ng mga kumpanya sa pautang na CARD Bank at Comsca.

**Epekto sa masang magsasaka**

"*Wara nang pakadtuan, gang. Delikado an pagsagka sa bukid, delikado man an pagkadto sa baryo. Hadlok na kaming mag-arya, mangisda, mag-oma*," pangamba ni Tay Edring.

Malaking salik ang militarisasyon sa humihinang agrikultural na produksyon sa prubinsya. Ilampung libong ektarya ng palayan, kamotehan, niyugan at maging mga palaisdaan ang nawala sa mga magsasaka dulot ng mga operasyon. Sa isang rantso, hindi pa nakabawi ang mga magsasaka matapos ikural ang kanilang mga sakahan at kulimbatin ng militar ang daan-daang sako ng palay na karaniwang ani mula sa kolektibong pagsasaka ng komunidad. Marami rin ang pwersahang napalayas sa kanilang mga baryo dahil sa pananakot at panggigipit ng militar.

Maraming kaso ng abusong militar ang isinagawa habang nagpoproduksyon ang masa. Sa katunayan, karamihan sa mga naitang pamamaslang sa ilalim ng rehimeng Marcos II ay isinagawa habang nasa bukid ang masa.

**Huwad na kaunlaran**

Para palabnawin ang pakikibaka ng masa para sa tunay na repormang agraryo at pagtakpan ang madugong gera kontra magsasaka sa prubinsya, ilinalako ng militar at NTF-ELCAC ang huwad na kaunlaran sa bandera ng "community support program" at "barangay development". Gamit ang mga pakitang-taong proyekto tulad ng farm to market, water facility, eskwelahan at mga modus na pa-relief at ayuda, nilalansi ang masa na dala na ng militar ang kaunlarang ipinangako ng gubyerno.

"*Wara na ngane nagatuod sa inda. Nakapira nang sakyada didi an army pero wara man kaming nabatyagan na pag-uswag. Kun dire pangilog san duta, ginaparapatay an mga parag-oma, paluwason na NPA kuno. Kun wara an mga NPA kag an kalihukan, diri namon aram, basi ada na sa lubnganan an Masbate.*"






**8,000 sako kada taon**

ang nawalang ani ng palay ng isang komunidad na may masiglang kolektibong produksyon dulot ng militarisasyon.



**2,000 sako kada taon**

nawalang ani ng kamote ng mga magsasaka sa Pecson matapos palayasin sa kanilang lupang binubungkal

## Malaganap na saywar at panlilinlang

Isa ang pamilya ni Abigail sa napaniwalang mga masasamang loob ang NPA tulad ng palaging ipinapalaganap ng reaksyunaryong gubyerno at ng AFP at PNP. Ang naturang paniniwala ay nabali matapos nilang makadaupang-palad ang mga kasama.

"*Nagtuo gyud mi nga mga dautan ang NPA tungod mao man ang amoang permi mabasa sa pamantalaan og kasagarang matan-awan sa balita sa TV ug social media. Pero karun nga personal namo nga nakit-an ang mga kauban og sa gihimo nila nga pagsolbad sa amoang problema sa yuta nga gustong ilugon sa adunahan og poderoso. Makaingon ko nga usa diay ka dakong bakak ang ginapakalap nga istorya sa gobyerno, army ug pulis.*

*Ang tinuod, sila ang nagatabang sa pagsolbad sa problema sa mga pumuluyo og dakong babag sa pagpangilog og yuta sa mga impluwensyadong mga tawo sa atong katilingban,*" nalilinawagang sambit ni Abigail.


Kakabit ng pandarahas, instrumento ng pasistang atake sa Masbate ang sistematikong pagsaywar at panlilinlang upang alisan ng tiwala ang mamamayan at tuluyang tumigil sa pagkilos upang ipaglaban ang kanilang karapatan at kabuhayan.

**Demoralisasyon sa hanay ng Hukbo at masa**

Isa sa mga batayang taktika ng saywar ang demoralisasyon, o ang mga pakanang naglalayong pahinain ang moral ng Hukbo at masa, upang itulak silang manlamig sa pagkilos, bitawan ang pakikibaka at sukdulang itakwil ang rebolusyon.

Pangunahing ginamit ang terorismo. Halimbawa nito ay mga kampanyang golpe-de-gulat tulad ng mga operasyong dumog at pambubomba ng militar. Kasabay nito ay ang kampanya ng teror tulad ng mga brutal na pagpatay, masaker, maramihang pag-aresto, pagransak sa mga kabahayan at iba pang taktika tulad ng listahan ng mga target pataying komunista sa baryo. Ginigipit ang mga magulang, kaanak at kapamilya ng mga pinaghihinalaang NPA upang i-presyur na lumitaw at sumuko.

Katambal ng dahas, gumagamit ng mga malambot na pamamaraan ng pagpapatahimik at pagpapalabnaw sa pakikibaka ng masa. Kasabay ng mga operasyong kombat ang mga operasyong sibil-militar sa ilalim ng pakanang lokalisadong usapang pangkapayaan. Sa Masbate, banderang program nito ang malawakang pagpapasurender at mga huwad na proyektong pangkaunlaran sa ilalim ng Barangay Development Program. Sinusuportahan ito ng mga pakitang taong aktibidad tulad ng pulung-pulong, Serbisyo Caravan at Baranggayan.



Binubuwag din ang pagkakaisa ng masa. Pinagbabangga ang magkakapitbahay o magkakabaryo upang itulak silang ipagkanulo at ipahamak ang isa't isa. Nagtatayo ng mga kontrarebolusyonaryong organisasyon para kontrahin ang mga nakatayo nang organisasyong masa.

**Demonisasyon o paninira sa rebolusyonaryong kilusan**

Habang ilinulunod sa takot at pagkakanya-kanya ang masa, malaganap na pinasasama ang imahe ng rebolusyonaryong kilusan. Ipinipinta ang armadong pakikibaka at iba pang sama-samang pagkilos ng masa, tulad ng rally bilang krimen at terorismo. Lahat ng ito ay upang alisan ng katayuang pampulitika at bigyang katwiran ang terorismo ng estado at brutal na gerang labag sa makataong batas.

Pinapalitan ang pagtingin sa NPA at maging mga aktibista't progresibong organisasyon mula sa pagiging mga bayani tungo sa pagiging mga kriminal, terorista at numero unong kaaway ng bansa. Nagpapalabas ng mga bidyung nagsasalarawan sa mga NPA bilang brutal. Ibinibintang din sa NPA ang hindi mabilang na mga krimen ng militar at pulis.

Ipinalaganap ang pakanang Redtagging upang bigyang katwiran ang lantarang armadong pag-atake sa mga sibilyan. Sa Masbate, nag-imbento ang militar ng umano'y mga sumukong lider at kasapi ng mga ligal na organisasyon para palabasing may kaugnayan ang ligal at demokratikong kilusan sa iligal na rebolusyonaryong armadong kilusan. Ginamit ang mga surenderi na ito para tugisin hindi lang mga lider at kasapi ng mga makabayan at progresibong organisasyon kundi maging mga taumbaryong pinaghihinalaang kasapi ng organisasyon.

Laganap din sa prubinsya ang mga pakana para palabasing itinatakwil ng mamamayan ang rebolusyonaryong kilusan. Nag-oorganisa ang mga militar at ELCAC ng mga pekeng aktibidad tulad ng rali, candle lighting at pagsusunog ng bandera ng CPP-NPA-NDF. Naging talamak din ang pamumwersa sa mga lokal na yunit ng gubyerno na magpasa ng resolusyong nagdedeklara sa CPP-NPA-NDF at naging ilang mga ligal at demokratikong organisasyon bilang *persona non grata.*

“

*Kinahanglan dili dayon ta mutuo sa ginapakaylap nga istorya og balita sa gobyerno, army ug pulis batok sa kalihukan tungod usa kini nga panglingla aron lumpagon ang pagkahiusa sa pumuluyo og kalihukan. Dili ta angayang mahadlok, kinahanglan natong pakibisogan ang ginahimo karun nga pagpanglingla og panghadlok sa army og pulis.* ***Kinahanglan magkahiusa tang tanan og padayon nga suportahan ang armadong pakigbisog!***

**Gera sa impormasyon**

Mahusay na nagagamit ng militar at pulis ang pagiging liblib at hiwalay na isla ng prubinsya upang magpakalat ng pekeng balita at disimpormasyon. Dahil malayo sa atensyon ng midya at publiko at mahina ang komunikasyon, mabilis nilang naitatago ang kanilang krimen at baliktarin ang totoong kaganapan. Bilyun-bilyon ang ginagastos para magpakalat ng *fake news* at disimpormasyon sa tradisyunal at *social media* para likhain ang ilusyong may kinahihinatnan ang kampanyang kontrainsurhensya.

Halos lahat ng mga istasyon sa radyo sa prubinsya at sa buong Bikol ay may ilinalaang segment para sa militar at pulis. Kasabay din sa mga pagpatrulya, checkpoint at iba pang security operations ang pamamahagi ng mga materyales laman ang paninira sa kilusan.

Hinaharangan anumang paglalantad ng abuso tulad ng pwersahang pagpapapirma sa mga biktima ng paglabag sa karapatang tao ng *waiver* na hindi sila inabuso ng militar. Pilit ding pinabubura anumang *blotter,* reklamo o asuntong naglalantad sa mga krimen ng militar at pulis. Pinakabagong kaso ang pagbanta sa mga pamilya ng mga pinaslang na sina Norvil Pepito at Ronnie Andren na "isusunod" sa papatayin kapag nagsampa ng kaso o kahit magpa-blotter man lang. Masahol, ang ibang pamilya o kaanak ng biktima ay pinupwersang magpagamit bilang ahente ng militar.

**Mapanlikha at mapangahas na konsolidasyon sa masa at pwersa**

Para kay Ka Rolly, political instructor o PI ng isang yunit ng Hukbo, mahalagang higitan pa ang mga pagsisikap sa konsolidasyon kapwa ng Hukbo at masa . "*Hindi dapat magpakampante, nasa atin man ang suporta ng masa at may signipikante tayong bilang ng Hukbo. Kailangan nating mapalalim ang kanilang kamulatang ideolohikal, mapatibay ang kanilang mga organisasyon at tuluy-tuloy silang mapakilos sa landas ng digmang bayan,"* ani Ka Rolly. Dagdag pa niya, marami pang tulad ni Abigail na hindi pa naaabot ng mga kasama at ng Partido. "*Hindi dapat magpatinag sa opensiba ng kaaway sa prubinsya. Napatunayan natin sa mga TO, patunayan din natin sa gawaing edukasyon at propaganda!,* "aniya.

Ngayon, malawak na erya ang planong ayusin ng platun nila Ka Rolly. "*Para sa trabaho, bitbit namin ang daan-daang materyales para sa propaganda at edukasyon at saku-sako ng determinasyong magtagumpay sa gawain. Mapapasabak din ang baun-baon naming kaling at lomboy!* "

Isa sa mga naabot na nina Ka Rolly ang pamilya ni Abigail.

"*Kinahanglan dili dayon ta mutuo sa ginapakaylap nga istorya og balita sa gobyerno, army ug pulis batok sa kalihukan tungod usa kini nga panglingla aron lumpagon ang pagkahiusa sa pumuluyo og kalihukan. Dili ta angayang mahadlok, kinahanglan natong pakibisogan ang ginahimo karun nga pagpanglingla og panghadlok sa army og pulis. Kinahanglan magkahiusa tang tanan og padayon nga suportahan ang armadong pakigbisog!*" habilin ni Abigail.





Kultura


# Linya ng Pagkakaiba

Sa Bikol at buong bansa, ramdam ng mga organo ng Partido, yunit ng BHB at mga rebolusyonaryong organisasyong masa ang matinding atake ng kaaway. Pinupugpog nila ng kanilang presensya ang mga komunidad upang pagkaitan tayo ng makikilusang erya. Inaatake nila ang ating pangalan at reputasyon sa lahat ng daluyan ng impormasyon upang ihiwalay at siraan tayo sa publiko. Nagsasagawa sila ng magagastos, matatagalan at malalawakang operasyong militar upang itulak tayo sa mga gasgasang labanan at pinsalain ang ating hanay.

Ngunit ano ang kahulugan at kabuluhan ng pag-atake ng kaaway sa atin? Ibig bang sabihin nito'y lumalakas sila at tayo'y humihina? Hindi. Ipinapakita lamang nito na tayo ay matagumpay sa ating mga rebolusyonaryong gawain. Na ang naghaharing-uri ay nanginginig sa pangambang tayo ay mabilis na sumusulong. Na sila ay kinakain ng kanilang desperasyong durugin ang lahat ng naipundar ng rebolusyonaryong kilusan – kapwa ng mga naunang henerasyon at ng ating hanay sa kasalukuyan. Na mahusay nating naiguguhit ang linya ng pagkakaiba sa pagitan nating mga rebolusyonaryong naghahangad ng tunay na kaunlaran, katarungan, kapayapaan at kasaganaan at sa kanilang mga reaksyunaryong nais lamang panatilihin ang bulok na sistemang nagsisilbi sa kanila.

Hindi nakapag-aalala para sa atin na tayo ay inaatake ng kaaway. Ito ang malinaw na kalikasan ng demokratikong rebolusyong bayan at pag-agaw ng pampulitikang kapangyarihan mula sa naghaharing-uri. Higit na mapanganib kung ang kaaway ay pinababayaan


















lamang tayo – ibig sabihin nito'y hindi natin epektibong naitatakda ang linya ng armadong pakikibaka at tayo'y wala nang pagkakaiba sa kanilang mga tagapagtaguyod ng reaksyon. Ang paglitaw ng higit na maraming sagadsarin at nag-uulol na kalaban ng rebolusyon ay patunay na hindi lamang mataman, kung hindi mahusay, ang ating pagkakatangan sa wastong proletaryadong pananaw at paninindigan.

Ang paglubha ng mga atake ng kaaway sa atin ay nagbibigay-daan din para sa pagsidhi ng politisasyon ng buong sambayanan. Ang ilang nahuhuling saray ng masang anakpawis na dati ay mahigpit na nakatali sa pang-ekonomyang suliranin at kamangmangan at hindi makaalpas mula sa kani-kanilang kahon ay mabilis na napupukaw sa tunggalian ng uri sa lipunang kanyang ginagalawan. Nahahatak ang malawak na hanay ng mamamayan na pumili sa pagitan ng dalawang magkatunggaling linya ng rebolusyon at reaksyon. Dahil malinaw ang pagkakaiba at ang paninindigan ng dalawang magkaibang panig, kumikipot ang puwang para sa mga walang paninindigang pampulitika at yaong mga rebolusyonaryo sa postura lamang. Hindi na nananatili sa abstrakto at teorya ang pagpili. Ang lahat ay naitutulak na magkaroon ng takdang tindig at pangatawanan ito sa kanilang araw-araw na buhay.

Kung nais magpakalango ng kaaway sa inaakala nilang bisperas ng kanilang tagumpay, tayo naman ay dapat higit na nagsisikap na sunggaban ang mga pagkakataon at pagsulong na ibinubukas ng ating kasalukuyang kalagayan. Dapat higit na magpakatatag at ihanda ang sarili sa tumataas na antas ng sakripisyo at kahirapang kaakibat na ng pag-unlad ng praktika sa pakikibaka.

Kaya, kasama, anuman ang iyong danas sa atake ng kaaway sa kasalukuyan – kung militarisado man ang inyong erya, inaantala ang inyong mga gawain, inaatake ang baseng masa, tandaang ito ay dahil mahigpit ang ating pagsasapuso sa interes ng masa habang ang kaaway ng rebolusyon ay labis na namumuhi sa sinumang tunay na nagdadala ng makabuluhang pagbabago. Dapat nating ikalugod ito! Ibig sabihin, tayo ay tapat at mahusay na tagapagtaguyod ng rebolusyon at tagapaglingkod ng sambayanan. Payt ra! Padayon hangtod sa kadaogan san rebolusyon san katawhan!

